

1

Sigurado si Dru na may tinatagong galit sa kanya ang nanay niya. Kung wala ba naman, bakit siya nito pinangalanang Drusilla? Sa dinami-dami ng characters sa mga *Disney* movies, iyong malapit pa sa pangalan ng ugly stepsister ni Cinderella na Drizella ang napili nito? Iyon din malamang ang dahilan kung bakit tulad ng stepsister na iyon, wala ring napipintong happily ever after ang love story niya. Inangat niya sa kanyang mga labi ang bote ng tequila.

“Best, alam mo, nainom mo na ’yang buong bote,” puna ng kanyang best friend na si Agatha. Katatapos lamang ng birthday celebration ng dalaga at magkasama silang nakaupo sa garden set sa likod-bahay ng mga Heredia. Kung noong college ay hindi magdadalawang-isip si Agatha na samahan siyang maglasing, ngayon ni hindi nito hinawakan ang boteng dala-dala niya. Tatlong buwan kasing buntis si Agie sa ikalawa nitong anak.

“Birthday ko naman ngayon, Best,” sabi niya na kumukurap-kurap pa rin sa liwanag ng sinag ng buwan. “Feel ko lang malasing.”

Sa katunayan, kanina pa lang pagpasok niya ng

bahay, iyon na ang gusto niyang gawin...

“Happy Birthday, Dru!” sabay-sabay na bati ng mga kamag-anak at kaibigan niya nang magbukas siya ng pinto papasok sa kanilang bahay. Muntik na siyang mapalundag sa gulat dahil hindi niya inaasahan iyon. Sinabi niya sa kanyang ina na ayaw niyang maghanda sa kanyang kaarawan. Pero kailan nga naman ba siya pinakinggan ng kanyang ina?

At habang mukha siyang stressed sa trabaho, gusot ang blusa at suot na slacks, at hawak sa isang kamay ang heels na inalis niya pagkababang-pagkababa pa lamang ng taxi, mukha siyang gulat na butiking kinuyog ng mga kamag-anak at kaibigan habang vini-video ng kanyang ama.

“Happy Birthday!” malakas na tawa ng kanyang pinsan na si Karina bago siya niyakap at hinalikan sa pisngi. “Na-surprise ka ba? Kasama si Nanay sa pagpapalano nito!”

Ngumiti siya, pero hindi umabot sa kanyang mga mata ang ngiti na iyon. “Na-surprise talaga ’ko. Salamat.”

“O, twenty-six ka na,” bati ni Uncle Romel, “hindi ka pa ba mag-aasawa?”

At iyon mismo ang dahilan kung bakit ayaw

niyang may makitang kamag-anak o kapitbahay sa kaarawan niya. *By modern standards, isa siyang successful woman na may magandang trabaho at malaki ang kita. Pero para sa kanyang mga kamag-anak, ang panukat ng tagumpay ng isang babae ay hindi lamang sa dami ng zero sa halaga ng suweldo nito kundi sa dami rin ng anak.*

At siya, si Drusilla, ay hindi lang dalaga, NBSB pa siya.

Kung nakuha niyang itago iyon sa mga kamag-anak na hindi madalas makita, wala siyang kawala ngayon dahil humigit kumulang cincuenta katao ang nasa loob ng kanilang bahay. Malabong mayroon pang hindi nakakaalam ng edad niya gayong nakabalandra sa dingding ang isang malaking tarpaulin na nagsasabi ng ‘Happy 26th Birthday, Dru!’

Gusto niyang umakyat na lamang sa kanyang silid at magtalukbong ng kumot.

Sa halip, nagpabati, nagpahalik at nagpakurot siya sa pisngi sa hindi mabilang na lolo, lola, tiyuhin at tiyahin. Pumayag siyang awitan ng ‘Happy Birthday’ bago niya hinipan ang mga kandila sa kanyang chocolate cake. Kumain siya ng pancit, dinuguan at puto, at rumonda sa mga mesa kung saan nakaupo ang minsan ay hindi niya kilalang mga nilalang. At

nang matapos ang handaan, niyakap na niya ang bote ng tequila at nagtungo sa likod-bahay.

“Matanda na ako,” para bang lungkot na lungkot niyang sabi.

“Para namang trahedyang pagtanda!” tukso ni Agatha. “Twenty-six ka lang.”

Tiningnan lamang niya ito. “Okay, so matanda na ako at single pa rin,” pagtatama niya bago uminom ng isang shot. Napangiwi siya sa tapang ng tequila at mabilis na sumipsip ng lemon mula sa isang mangkok na dala rin niya. “S’abi sa ’yo, Best. Sumpa ito ng pangalan ko. Saan ka ba nakakita ng love story na ‘Drusilla’ ang pangalan ng heroine? Habambuhay na talaga ako maghihintay ng true love’s first kiss.”

“Best, si Princess Fiona sa *Shrek* ’yong naghihintay ng true love’s first kiss,” paalala ng kanyang best friend.

Inirapan niya ang isa sa ‘dalawang’ Agatha na nakikita niya. “Hindi ’yon ang point, Best,” aniya. “At least ikaw, may Mon at Bella ka na, may little one on the way pa.” Bumungisngis ito nang banggitin niya ang asawa at ang apat na taong gulang nitong anak. “Eh ako? Hindi lang ako single ngayon, no boyfriend since birth pa ako. Lekat.”

Hinaplos ng kaibigan ang kanyang likod. “Best, hindi naman pinipilit ang love, eh.”

Umiling siya bago muling uminom ng alak. Hindi na niya napapansing diniderecho na niya ang tequila galing sa bote. Marahan nang kinuha ni Agatha ang bote mula sa kanya. “Ayoko na, Best,” ma-drama niyang saad. “Hindi na ako aasa pang magkakaroon ako ng boyfriend.”

“Naman. Habang may buhay, may pag-asa.” Sa sobrang kalasingan, hindi na niya alam na sinasakyan na lang nito ang pagda-drama niya.

“Basta. Hindi na ako maghihintay. Hindi na ako mag-e-expect. Kung darating siya, dumating na lang siya. Pero ayoko nang maghintay. Nakakapagod, Best. Saka nakaka-disappoint lang. Basta, I will enjoy being single.” Hinagis pa niya ang mga braso sa ere na para bang yayakapin niya ang mundo. “Mula ngayon, hindi na ako maniniwalang paparating si Prince Charming. Mas masaya ang buhay nang ganoon, Best!”

Pinagmasdan niya ang mga bituin. Nagsimulang magsayaw ang mga iyon.

“Best,” tawag niya. “Lasing na ba ako o nahuhulog talaga ang langit?”

Tumingala rin si Agatha at malakas na tumawa.

“May meteor shower nga pala ngayon! Mag-wish ka dali!”

“Wish? ‘Di na rin ako naniniwala sa wish. Wish-wishin nila ang mukha nila.”

Hindi na niya alam ang sinasabi niya dahil tequila na ang dumadaloy sa kanyang mga ugat. Pero kahit lasing, kahit hindi niya sabihin ang kanyang tunay na wish, alam ng puso niya ang tunay niyang gusto.

Nahiga siya at nakatulog na pinanonood mahulog ang langit.

“Ikaw kasing bata ka,” sigaw ng ina ni Dru habang nakaupo siya sa harap ng mesa sa kusina. Hapon na nang kayanin niyang angatin ang kanyang ulo mula sa kama. At kahit ganoon pa, pakiramdam pa rin niya ay binubutas ang bungo niya. “S’abi ni Agatha, eh, halos ubusin mo raw ’yong alak kagabi. ’Buti nga at nandito pa sila. Paano na lang kung wala si Mon? Sino ang magbubuhay sa ’yo paakyat ng kuwarto mo?”

“Nay,” aniya na para bang may nakabarang bulak sa kanyang lalamunan, “huwag naman po kayong sumigaw, puwede?”

“Sumigaw?” tanong ni Aling Evelyn na mas malakas pa ang tinig. Napangiwi si Dru. “Sino’ng sumisigaw?”

Okay, so hindi siguro talaga sumisigaw ang nanay niya, bilang hindi naman ito palasigaw, pero ganoon pa rin ang tunog niyon sa tainga niya.

Pinanood ng dalaga ang kanyang ina na palakadlakad sa kusina. Nag-iinit ito ng mga tirang pagkain mula sa kanyang party para ulam nila sa hapunan. Maliit lamang itong babae, pero bilugan ito. Sa may hangover na paningin ni Dru, para itong naglalakad na penguin sa suot nitong itim at puting printed na duster.

Ibinaba ng dalaga ang noo sa ibabaw ng mesa. Baka kung nakapikit siya, tumigil na sa wakas ang tila ba mga construction workers na nagmamaso sa loob ng utak niya.

“Inumin mo ’yang tubig at nang mapalitan ’yang alkohol sa katawan mo,” sabi ng kanyang ina na muling nagsalin ng tubig sa baso sa tapat niya sa mesa. “At kainin mo ’yang tustadong tinapay. Kuu, itong batang ito.” Muli itong lumayo sa kanya. “Bakit ka ba kasi naglasing?”

Hinila niya palapit ang baso nang hindi nag-

aangat ng ulo. “Wala, ‘Nay,” sagot niya. “Matagal na kasi akong hindi naglalasing. Naisip ko lang na maganda siyang gawin kapag birthday mo.”

“Hay, naku, Drusilla,” sabing muli ng kanyang ina, “kung kelan ka nag-twenty-six, doon ka pa nagloko. Mature ka na dapat!”

Patuloy na naglitanya ang matanda, pero nanatili lamang siya na nakapikit. Mature na raw dapat. Bakit ganoon? Pakiramdam niya ay wala namang ipinagbago ang buhay niya mula noong eighteen siya, o twenty, o twenty-two.

“Nay,” aniya at saka tumayo, “hindi talaga maganda ang pakiramdam ko. Aakyat na muna ako ulit. Mamaya na ako kakain.”

“Hala, sige,” sagot ng kanyang ina. “Iiwanan na lang kita ng pagkain.”

Umakyat siya sa kanyang silid at nahiga sa kama. Pinakiramdaman niya ang umiikot na mundo bago idinilat ang isang mata. Hinila niya ang laptop mula sa tabi ng kama at binuksan iyon.

Tama ang kanyang ina. Panahon na para malaman niya kung ano ba ang gusto niyang gawin sa kanyang buhay. Hindi porke single siya ay magmumukmok o maglalasing na lang siya. Hindi

lalaki ang pagmumulan ng kaligayahan niya kundi siya mismo.

Gagawin niyang productive ang buhay niya. Hindi siya magmumukmok. Lalabas siya. Maghahanap siya ng pagkakaabalahan. Magiging mabuting mamamayan siya ng Pilipinas. Maghahanap siya ng mga organisasyon na maaari niyang salihan para hindi sayang ang buhay niya. At sisimulan niya iyon ngayon din!

Bumukas ang screen ng kanyang computer at impit siyang napatili nang halos masunog sa ilaw niyon ang kanyang sensitibong mga mata. Mabilis siyang pumikit.

Okay, so sisimulan niya iyon kapag nakakamulat na siya at wala nang tequila sa utak niya.

Pero nanatiling matatag ang loob ni Drusilla. Magbabagong-buhay na siya.

“Mababago nito ang buhay mo!” sabi ng isa sa mga production assistants kay Kendall Tuazon habang tinitingnan nito ang schedule na nakasulat sa lagi nitong bitbit na clipboard. “Sisikat ka!”

Iyon na nga mismo ang ayaw mangyari ni Kendall.

Beterinaryo siya at hindi celebrity. At kung hindi lang niya mahal ang *Sanctuary Zoo and Botanical Garden*, hindi siya papayag na ma-interview siya ng crew ng *Channel 6* para sa special feature nito.

“Naku, ayoko namang sumikat,” saad ng binata. “Ang dapat sumikat ay ’yong zoo.”

At iyon din ang dahilan kung bakit siya magpapa-interview. Kailangan ng zoo ng tulong ng mga tao. Kailangan nila ng pondo para sa pagkumpuni sa mga holding pens ng mga alagang hayop na naroon. Kailangan nila ng pera para sa pagkain, vitamins at gamot. Kailangan nila ng pampasuweldo sa mga empleyado. Sa panahon kasi ng telebisyon at Internet, parang hindi na interesado ang mga tao na makakita ng mga tunay na animals. Okay na sila sa *Discovery Channel* at *Animal Planet* sa TV.

Dahil doon, baka mapilitan nang isara ng may-ari ng *Sanctuary* ang zoo. At dahil doon, naisip ng marketing team nila ang gimmick na ito. At siya, si Doc Kendall, ang unang ipapain.

Interview, tour ng holding pens at ng mga hardin, pagkatapos ay manghihikayat siya ng mga bisita at mga volunteers na dumalaw sa zoo. Kulang-kulang isang oras lang daw.

Lord, isang oras lang, please...

“Ay, oo naman,” saad ng PA. May maliit na ngiti ito sa mga labi habang makahulugang tinitingnan si Kendall mula ulo hanggang paa. Hindi sana maiilang ang binata kung hindi lalaki ang PA. “Lika na, Sir. Doon na tayo kay Sir Karl.”

Huminga nang malalim si Kendall at pinawalan iyon. *Para sa Sanctuary. Para sa Sanctuary, pauli-ulit niyang sinabi sa isip. Kahit ano para sa Sanctuary.*

2

Bumaba ng taxi si Dru nang Sabado ng umaga, isang buwan matapos ang kanyang kaarawan. Tiningala niya ang malaking rebulto ng Philippine Eagle sa tabi ng nakabukas nang gate ng *Sanctuary Zoo and Botanical Garden*. Mahaba-haba na ang pila sa ticket windows.

Matagal na niyang gustong mag-volunteer doon dahil isa iyon sa mga lugar kung saan magaganda ang kanyang mga alaala noong bata pa siya. Isa pa, mahilig siya sa mga hayop. Kung kaya hindi na siya nag-atubiling magpalista nang malamang naghahanap ng volunteers ang zoo.

Naisip niyang magandang oportunidad iyon para simulan niya ang *Operation: Happiness* kung saan magiging masaya siya sa buhay niya nang hindi naghihintay ng happily ever after.

Ipinilig ni Dru ang ulo bago huminga nang malalim. Lumapit siya sa guwardiya na nasa gate at tinanong kung saan ang admin office ng zoo. Itinuro siya nito sa isa sa mga buildings sa likod lang ng gate. Determinado siyang i-enjoy ang volunteer work niyang ito.

At magiging masaya siya sa buhay niya, once and for all.

Nang pumatak ang alas doce, nakalublob na ang kanyang mga kamay at braso sa masabon na tubig sa lababo. Kung wala lang siyang suot na apron, baka basa na ang kanyang t-shirt at jeans. Kitchen duty ang unang natapat sa kanya kung kaya buong umaga siyang nagbabalat ng mangga at naghihiwa ng mga gulay para sa tanghalian ng mga alaga nila sa zoo. At ngayon, bago ang sariling lunch break, naghuhugas siya ng malalaking batya na ginamit para paglagyan ng pagkain ng kanilang mga alaga. Masakit na ang likod niya, pero kontento siya. Dahil ngayon pa lang, pakiramdam niya, masaya na siya.

Iba talaga kapag tanggap mo ang mga pangyayari sa buhay na hindi mo na mapapalitan. She was happily single. Iyon ang paulit-ulit niyang iniisip habang ini-scrub ang palanggana na pinaglagyan ng mangga na paboritong kainin ni Emil, ang kanilang elepante.

Napatingin siya sa pinto nang bigla iyong bumukas. Hindi niya nakita ang mukha ng lalaking pumasok dahil mabilis itong lumapit sa bintana at sumilip sa labas. Kita lamang niya ang likod nito. Nakasuot ng dark blue t-shirt na may logo ng

Sanctuary Zoo sa likod ang lalaki. Hapit ang manggas ng t-shirt na iyon kung kaya kita ni Dru ang mga muscles sa braso nito.

Mahahaba rin ang binti nito na litaw sa ganda ng sukat ng suot nitong maong. At tumaas ang kanyang kilay nang di-sinasadyang napunta sa pang-upo ng lalaki ang kanyang mga mata. In fairness, world class ang maganda nitong puwitan!

Nag-angat siya ng paningin nang humarap ito sa kanya. At ganoon lang, nalimutan niya ang sumpa sa sarili na hindi na maghahanap ng lalaki.

“Hi, sorry,” bati nito. “Magtatago lang ako saglit dito, ha?”

Tumango siya at muling sumilip ang lalaki sa labas ng bintana. May mga taong guwapo kapag nakatalikod, pero si Mr. Talikod-genic ay hindi hamak na mas guwapo pa kapag nakaharap.

“Sino’ng tinataguan mo?” tanong niya at muling humarap sa kanya ang lalaki. Kinailangan niyang kumurap ng ilang beses para matiyak na hindi siya pinaglalaruan ng kanyang mga mata at talagang iyon ang hitsura nito.

He had a strong face with perfect features. Maganda ang anggulo ng panga, maganda ang

cheekbones, matangos ang ilong. Mestizo ito, parang may dugong banyaga. Maiksi ang buhok nito at nakaayos para hindi tumabing sa noo. Malalim makatingin ang magaganda nitong mga mata at ang mga labi nito...

Gustong magpaypay ni Dru kung hindi lang puro sabon ang kamay niya.

“Sorry.” Puno ng pagkapahiya ang ngiti ng lalaki. “Yong mga bagong volunteers kasi.” Natigilan ito nang maisip na bago rin siyang volunteer. “Hindi ka kasama,” mabilis nitong pagtatama bago tumatawang umiling. “Sorry ulit. I’m Kendall, by the way. Isa ako sa mga vets dito.”

“I’m Dru.”

Nagtama ang kanilang mga mata at ngumiti si Doc Kendall. Hindi na iyon mahiyain kundi natural na ngiti na ibinibigay sa bagong kakilala. Iyong ngiti na hindi dapat nagdudulot ng cardiac arrest, pero naramdaman niyang gumuhit hanggang sikmura niya.

Biglang nagbukas ang pinto. Nakita niyang sumulyap doon si Kendall bago mabilis na lumapit sa kanya at ibinabad ang mga kamay sa bula sa lababo kung saan nakapila ang mga babanlawan pa niyang

hugasin.

“Doc Kendall!” masayang tawag ng isa sa mga volunteers na pumasok doon. Si Ciara iyon na kaninang umaga pa lang nakilala ni Dru ay hindi na niya nagustuhan. Ito kasi iyong tipo ng babae na alam na ngang mag-vo-volunteer sa zoo ay nakasuot pa ng short shorts na labas ang singit at tank top na labas ang cleavage.

Kasama nito ang dalawa pa sa mga kaibigan nito na parang mga dancers sa noontime show kung manamit. Lumapit ito kay Kendall at hinawakan ang maskulado nitong braso.

“Hindi ka pa ba magla-lunch?” tanong nito na kulang na lang ay mag-beautiful eyes.

Muntik nang umikot ang mga mata ni Dru, pero patuloy lang niyang binanlawan ang isang higanteng banyera.

“Mauna na kayo,” sagot ni Kendall. “Tinutulungan ko pa si Dru maghugas ng mga gamit.”

“Late na kaya,” muling sabi ni Ciara. “Lika na. Samahan mo na kami. Kanina ka pa nagtatrabaho.”

Bulag lang ang babae kung hindi nito nahalata na peke ang malaking ngiti ng binata. “Okay lang.

Binabayaran nila ako dito para magtrabaho. Sige na, mauna na kayo. Mamaya pa kami kakain ni Dru.”

Sinulyapan siya ni Ciara at tiningnan mula sa magulo niyang ponytail hanggang sa marumi na niyang sneakers. Alam niyang hindi ito na-threaten sa nakita sa kanya. Porke ba mas maliit at mas chubby siya rito?

Excuse me, at least totoo ang boobs ko at hindi retokado ang ilong ko.

“Puwede ka naming ’antayin,” sabi ng bruha kay Kendall na mabilis umiling.

“Maglu-lunch kami ni Dru. Sorry.”

Muli siyang tiningnan ni Ciara, at matalas na ang mga mata nito. Pinalaki niya ang sariling mga mata para magmukhang inosente.

“Fine,” anang babae. “Dinner na lang tayo later.” Tumalikod ito at lumabas ng kusina, kasama ang mga sidekicks nito.

Bumuga ng hangin ang lalaki at tiningnan siya.

“Thank you,” sabi nito na para bang natinik ito at siya ang nagbigay ng lunas dito. Inabot nito sa kanya ang isang banyera na nabanlawan na nito. “Niligtas mo ang buhay ko.”

“Bakit ayaw mo sa kanya?” tukso niya habang inaayos ang banyera sa isa sa mga kitchen counters. “She’s stunning.”

“Stunning talaga,” sabi ng lalaki. “Nabigla ako n’ong una ko siyang nakita. ‘Kala ko nakalimutan niya sa bahay ’yong pantalon niya.”

Bumungisngis si Dru at muling binalikan ang lababo kung saan nagbabanlaw pa rin ng mga naroon ang binata. “O, safe ka na,” sabi niya. “Ako na’ng bahala diyan.”

Umiling ito. “Ano ka ba! Ito na nga lang puwede kong gawin para mag-thank you, tatakbuhan pa kita? Saka konti na lang ’to. Kumain ka na ba?”

“Hindi pa,” turan niya. “Iniwan kasi ako nina Ciara n’ong sinabi ni Ate Susan na puwede nang kumain. Tinapos ko na muna ’yong mga hugasin.”

“Sige,” muli nitong inabot sa kanya ang isa pang banyerang nabanlawan na nito, “k’ain na muna tayo.”

“Okay lang ako, Doc,” pilit niya. “Hindi mo ako kailangang samahan kung may pupuntahan ka.”

“Wala naman akong pupuntahan. Saka sa tingin mo, hahayaan ako ng mga ’yon na kumain mag-isa? Samahan mo ako para hindi sila lumapit sa ’kin. Don’t

worry, ililibre kita ng lunch.”

Bumuntong-hininga siya na para bang wala siyang choice, pero alam niyang sa loob-loob niya ay nagka-cartwheel ang puso niya sa kilig.

Aba! Hindi naman sa may inaasahan siyang magaganap sa pagitan nila ni Doc Guwapo, ano? Masarap lang kiligin. Saka no expectations.

Single forever na siya, di ba?

“Okay lang ba sa ’yo ’yan?” sabi ni Kendall sa dalaga nang maupo sila sa isang mesa na may payong sa gitna ng concessionaires’ area ng zoo. Burger, fries at *Coke* lang ang binili nila para sa tanghalian dahil hindi masyadong gusto ni Kendall ang luto ng mga naroon. Kadalasan, kumakain siya sa labas kung gusto niya o kaya ay sandwich lang ang lunch niya. Pero ayaw niyang iyon lang ang ipakain kay Dru at wala naman na silang panahong lumabas dahil late na silang nagtanghalian.

“Okay na sa ’kin ’to,” sagot ng dalaga. “Parang nabusog na ako sa mangga saka sa letsugas kanina.”

Natawa siya. “Ganyan talaga. Araw-araw na ganyan ang buhay sa kusina dito. Hindi mo pa nga

nakikita kapag nagproseso ng karne para sa mga tigre.”

Mabilis itong umiling. “Yon ang ayokong makita. Madugo ’yon, eh!”

“Mamayang gabi pa naman ’yon. After visiting hours na kami nagpapakain ng mga carnivores dito. Baka kasi ma-traumatize ang mga tao kapag nakita nila kung gaano kasugapa ’yong malalaking pusa at buwaya.”

Inalis niya ang balot ng burger at kumagat doon. Sa gilid ng kanyang mga mata, nakita niya si Ciara at ang mga kabarkada nito na nakaupo sa kabilang mesa. Madilim ang mukha ng babae at iniirapan nito si Dru.

Nasamid ang dalaga at mabilis siyang bumaling dito. “Sorry. Baka kasi mamaya, tubuan na lang ako ng kulugo o pigsa. Sigurado ka bang walang lahing mambabarang ’yang fans club mo?”

Nabilaukan siya.

“Naku,” dagdag pa ni Dru, “kung may ibigay sa ’yo si Ciara na pagkain, huwag na huwag mong kakainin ha? Baka may gayuma. Saka huwag ka ring masyadong lalapit, baka makakuha ng buhok mo. Mas madali kang makukulam!”

Muntik nang lumabas sa ilong niya ang iniinom niyang softdrink. Malakas siyang tumawa. Bumungisngis din ito at sa tuwing titigil sila, mapapatingin lang sila sa isa't isa, magkakatawanan sila muli.

“Ang kulit mo pala!” sabi niya na para bang hindi na makahinga. “Tama na! Ang sakit na ng pisngi ko!”

Nagpigil ng tawa ang dalaga at kumagat nang muli sa burger na halos nakalimutan na nito.

Pinagmasdan niya ang kaharap. For the first time in a long time, nag-e-enjoy siya kasama ng isang babae.

Mula nang tapusin niya ang relasyon sa babaeng akala niya ay love of his life, hanggang sa nasa harap ng camera at nagpapa-interview para mahikayat ang mga tao na mag-volunteer sa *Sanctuary*, nakita na lang niya ang sariling mailap na sa mga babae. Lalo na sa mga babaeng dumagsa nang maipalabas ang special feature sa TV.

Tuwang-tuwa sa kanya si Mr. Vilchez dahil tumaas daw ang bilang ng mga bisita sa zoo, at ang bilang ng mga volunteers. ‘Doc Heartthrob’ tuloy ang tawag sa kanya ng mga kasama dahil siya at hindi ang mga animals sa zoo ang hinahanap ng mga bisita.

Minsan nga, dahil nainis na siya, sinabi niyang bakit hindi na lang din siya ilagay sa hawla at lagyan ng plake na nagsasabing ‘Scientific Name: *Guwapus Veterinarius*’. Nagtawanan lang ang mga nakarinig at nagngalit lang siya ng ngipin habang chine-check up ang isa sa kanilang mga kabayo na may sakit.

“Bakit mo ba kasi siya tinatakan?” tanong ng dalaga habang sinasawsaw ang isang French fry sa ketchup. “Paano kung i-date mo lang ng isang beses?”

Muntik na siyang mabulunan. “Susmaryosep!” tawa niya. “Okay ka lang? Ide-date ko muna si Gabbie bago ko siya i-date, ano!”

“Sino si Gabbie?”

“Si Gabriela, ’yong isang buwaya natin.”

Muling tumawa si Dru.

“Kasi naman,” patuloy niya, “wala akong balak makipag-date. Wala akong balak makipaglapit sa kahit na sinong babae, lalo na sa mga babaeng katulad ni Ciara. Takot ko lang. Baka mapikot ako.”

“Hulaan ko.” Inabot nito ang baso ng *Coke*. “Bad breakup?”

“Hindi naman.” Nagkibit-balikat siya. “Hindi naman kami nagkademandan. Hindi ko rin

siya gustong kulamin. Alam mo 'yong kapag nasa magkaibang lugar kayo sa relasyon n'yo? Ganoon."

Umiling si Dru. "Honestly, I wouldn't know. I've never had a boyfriend."

Namilog ang mga mata ni Kendall. She was pretty, in a quiet way, with huge dark eyes and a sweet smile. Masaya itong kasama at masarap kausap.

"Bulag ba ang mga lalaking kilala mo?" tanong niya at bumunghalit ng tawa si Dru.

"Pangkaibigan kasi ako," sagot nito bago muling kumuha ng French fry sa lalagyan. "Hindi pang-girlfriend. Makikipag-inuman sa 'kin ang mga lalaki, pero hindi nila ako aayaing mag-slow dance. Gets mo?"

Sinimangutan niya ito. "Nothing personal, Dru. Pero kung gusto ko ng girlfriend, sa tingin ko naman, you'd be perfect for the role."

Nag-angat ng paningin ang dalaga at ngumiti. "Salamat," natatawa nitong saad. "Pero 'yan ang dahilan kung bakit NBSB ako. Sa tingin ng mga lalaki, I'd make a great girlfriend, pero ng ibang lalaki."

Muli siyang sumimangot. "That's not what I'm thinking. Personally kasi, ayoko na yata ulit mag-

girlfriend.”

Tinaasan siya ng isang kilay ni Dru. “Ever?”

Umiling siya. “Ever.”

“Ever, ever?” Mapanukso ang ngiti ng dalaga.

“Never. Ever.”

“Ikaw rin. ’Di ba sabi nga eh, ‘never say never’.”

Nagkibit siya ng balikat bago muling kumuha ng fries. “Kawawa lang ang babae sa ’kin,” Kendall said. “Hindi kasi ako malambing. Hindi ako maalaga. Hindi ako thoughtful. Saka mas mahal ko talaga ang trabaho ko.”

“Ikaw ba ang nagsasalita o ang ex-girlfriend mo?” muling tanong ng dalaga.

“Pareho,” tugon niya. “Yan din ang sinabi niya sa ’kin, pero tama naman kasi siya. Hindi talaga ako malambing, napapagod ako sa ganoon! Sa tawag nang tawag o text nang text para sabihin sa ’king nami-miss niya ako o nagtatanong kung nami-miss ko ba siya. I mean, nagche-check up ako ng crocodile na masakit ang ngipin, paano ako magre-reply na nami-miss ko rin siya? Kayong mga babae pa naman, dapat minu-minuto nilalambing kayo. Napapagod ako sa ganoon.”

Muling tumawa si Dru. “Wow, Doc! Talaga palang hindi ka makakapag-asawa niyan!”

“Wala talaga akong balak,” mariin niyang saad. “Gusto ko ngang magsuot ng karatula na nagsasabing unavailable ako. Kaya lang, mula n’ong lumabas’yong feature dito sa zoo, nagkaroon ako ng fans club.” Muli niyang ginalaw ang ulo sa direksyon nina Ciara.

“Hindi ko yata napanood’yon.”

“Huwag mo nang panoorin! Baka magka-crush ka rin sa ’kin.”

Tumawa ang dalaga. “Don’t worry. Na-turn off na ako sa ’yo.”

“Ha?” bulalas niya. “Bakit naman?”

Muling itong uminom ng *Coke*. “Sino ba naman ang hindi ma-tu-turn off sa ’yo? Simula pa lang, sasabihin mong emotionally unavailable ka at takot sa commitment? Doc, women want men to be husband material. You’re cute, pero hindi ko kailangan ng pang-display.”

Napahalakhak siya. God, he really liked her.

“Well, buti na lang!” aniya nang nakakahinga na siyang muli.

Nagkibit ang dalaga. “Saka I gave up on guys. Hindi na ako maghahanap o maghihintay ng lalaki. Committed na ako sa pagiging matandang dalaga. Hence, this.” Iminuwestra nito ang zoo. “Naisip ko, mag-vo-volunteer na lang ako para maging busy ako kaysa maawa sa sarili ko dahil old maid ako. Pagkatapos nito, I’m sure masasanay naman ako sa idea na nag-iisa ako habambuhay.”

“So hindi ka nag-volunteer para makahanap ng lalaki?” pagkaklaro niya. “Marami kasi ang nandito na akala ay dating site ang *Sanctuary*.”

Umiling si Dru. “No. The less guys I come across with, the better for me.”

Nanggitian sila. “I think we’re going to be good friends,” sabi niya.

“Yes. I think so too, Doc.”

3

Nang sumunod na Sabado, nagulat si Dru nang muling magbukas ang pinto sa kusina habang naghuhugas siya ng mga pinggan. Bumungad sa kanya ang guwapong mukha ni Kendall.

“Nag-lunch ka na?” tanong nito sa kanya nang makapasok ang binata. Ibinaba nito ang dalang itim na insulated lunch bag sa mahabang mesa at nilapitan siya para tulungang magbanlaw na naman ng mga banyera.

“Hindi pa,” sagot niya. Hinila niya ang banyerang pinaglagyan ng hiniwa nilang mangga na ipapakain kay Emil the Elephant bago pa man masimulan iyong hugasan ni Kendall. “Huwag na, Doc. Wala naman sina Ciara ngayon.”

“Sus,” natatawang anang binata. “Hindi naman kita tutulungan dahil sa kanila. Para lang mapabilis ka sa paghuhugas at nang makakain na tayo.”

“May baon ka yata,” puna niya.

“Baon ko ’yan para sa ’tin,” sagot nito habang binabanlawan ang isang pinggan. “Tikman mo ang Three-cheese Ravioli ng nanay ko.”

“Ipinagbaon mo ako?” ngisi niya. “Wow! I feel so special!”

Nasabi niya iyon dahil gusto niyang tumawa ang binata. Pero tipid lamang itong ngumiti at kung hindi siya nagkakamali, medyo namula pa ang mga pisngi nito.

“Uy,” sabi niya. Marahan pa niya itong siniko. “Joke lang ha.”

Ngumiti si Kendall. “Okay lang, ’no. Alam ko namang hindi tayo talo.”

Aray ko.

“Oo nga,” sabi na lang niya kahit medyo na-hurt siya. At bakit pa siya mahu-hurt? As if hindi pa siya sanay. Siguro kung tibo siya, pareho lang ang reaksiyon sa kanya ng mga lalaki.

Lagi na lang, Drusilla! Hindi ka na nasanay na ang gusto sa ’yo ng lalaki ay friendship. Friendship! ’Tapos kikiligin ka kapag mabait sila? Isa pa, halos isaksak ni Doc Kendall sa baga mo na ayaw niya ng relasyon! Huwag kang magka-crush sa kanya, bruha!

Tahimik nilang tinapos ang gawain habang pinagagalitan ni Dru ang sarili sa kanyang isip. Muli niyang inabot sa ilalim ng mabulang tubig ang

kanyang kamay. Nagkataon namang sabay nilang inabot ang natitirang pinggan kung kaya mga daliri niya ang nahawakan ni Kendall. Sa simpleng pagtatama ng kanilang mga kamay, naramdaman agad ni Dru ang pamumula ng kanyang mga pisngi.

“Oops, sorry,” anito.

“It’s okay,” nakangiti niyang saad. Nagbanlaw ng kamay ang lalaki sa kabilang lababo at nagtuyo ng kamay habang binabanlawan niya ang huling pinggan. Inabot nito sa kanya ang hand towel at siya naman ang nagtuyo ng mga kamay.

“Okay lang ba sa ’yo na sa garden ulit kumain?” tanong nito. Mabuti at napigil niya ang sarili bago niya nasabing parang date lang ang magiging lunch nila. Dahil kung hindi, baka layasan na siya ng binata sa mga patutsada niya.

“Sure,” sagot lang niya. “May kailangan ba tayong dalhin? Pinggan?”

Kinuha ni Kendall ang lunch bag. “Nope. Kompleto na ’to. Let’s go?”

Tumango siya at sumunod sa binata palabas ng kusina. Nagtungo sila sa botanical garden kung saan may mga picnic tables at mga bangko na nagkalat sa gitna ng mga namumulaklak na halaman. Nagpilit

siya na siya na ang bibili ng inumin nila dahil ang binata naman ang nagdala ng pagkain. Nang makabalik siya sa mesa, nailatag na ni Kendall ang dalawang microwavable containers ng pasta. May garlic bread pa.

“Wow!” bulalas niya nang makita ang pagkaing nakahain. “Para lang galing sa cooking show!”

Tumawa si Kendall. “Matutuwa ang mommy ko kapag narinig niya ’yan.”

Naupo siya sa tapat ng binata at ibinaba sa tabi ng pinggan nito ang lata ng *Coke* na binili niya para rito. Pinagsilbihan siya nito. Muli, pinigil niyang kiligin.

Kaibigan lang niya ang binata. Kaibigan lang niya ang binata.

Tinikman niya ang pasta at napabuntong-hininga sa lasa ng mozzarella cheese na nangibabaw. “Puwede bang magpaampon sa mommy mo?”

Muling tumawa si Kendall. “She’s going to love you.”

“Kung ganito siya magluto,” tinuro niya ng gamit na tinidor ang pinggan ng pasta, “I’m sure I’m going to love her, too.”

Napangiti siya nang muling tumawa si Kendall. Ang sarap kasi pakinggan ng tawa nito.

Sa katunayan, nagsinungaling siya nang sinabi niyang hindi niya ito crush. Pero tama na rin na maaga pa ay alam na niya ang katayuan niya sa buhay nito: kaibigan—na kadalasan ay katayuan niya sa buhay ng lahat ng lalaking crush niya—at panangga kay Ciara.

May advantage naman dahil base sa kulang-kulang tatlong araw na pagkakakilala nila, masaya itong kasama. Masaya itong kaibigan.

Mabuti na lang at hindi na talaga siya naghahanap ng boyfriend.

“Weekends ka lang ba talaga available?” tanong ng binata mayamaya. “Ano nga pala’ng trabaho mo? Hindi ko yata naitanong sa ’yo.”

“Consultant ako sa call center. Tagagawa ng training modules. Minsan trainer, lecturer, kung kailangan nila. Ganoon. Ngayon, gumagawa lang ako ng exams.”

“So, puwede kang mag-volunteer dito ng weekdays?”

Sinulyapan niya ito. “Puwede naman. Bakit?”

“Nami-miss kita kapag weekdays, eh,” sabi ng binata.

Namilog ang kanyang mga mata bago siya nginisian ni Kendall. “Marunong din naman akong magbiro.”

“Loko-loko ka,” pilit niyang tawa. *Susme! Aatakihin ako sa puso sa lalaking ’to!* “Wala naman dito nang weekdays si Ciara so hindi mo ako kailangan.”

Nagkibit ang binata. “Hindi naman sa ganoon. Siyempre mas masaya kapag magkasama tayo.”

“Sus,” kinurot niya pa sa braso si Kendall, “ikaw yata ang na-in love na sa ’kin, eh.”

“Tsk,” muli, pabiro nitong saad. Itinaas pa nito ang kamay at inilagay sa dibdib sa ibabaw ng puso nito. “Para sa ’yo, lalabanan ko na ang phobia ko sa commitment.”

Tumawa siya. “Titingnan ko. Hindi naman kasi masyadong busy sa office kaya puwedeng umaga lang ako pumasok doon. Puwedeng tumuloy ako dito nang hapon pagkagaling sa trabaho, pero baka hindi puwedeng araw-araw.”

“Okay na ’yon,” sabi ni Kendall. “Text mo lang ako kapag tutuloy ka o kapag hindi.”

Biro, daanin sa biro lahat. “Uy, si Kendall! Gustong i-text ko siya araw-araw!”

Nag-blush ito at tumawa. “Ganoon na nga. ’Yaan mo na ako! Minsan lang ako makahanap ng kaibigang katulad mo, eh.”

“Sabagay,” aniya, “minsan lang din ako makahanap ng kaibigang katulad mo.” Kinindatan niya ito. “Sabihin mo sa mommy mo, ipagluto niya ako ng spaghetti bukas.”

“Ano ka ba, baka mapurga naman tayo sa pasta. Ikaw naman ang magdala ng pagkain bukas, ano!”

Hinatid pa siya ni Kendall sa kusina nang matapos silang kumain. Naroon ang head ng kitchen staff na si Ate Susan. Para itong babaeng version ni Kuya Kim Atienza sa suot na khaki shorts at boots. Nakaputing t-shirt ito at wala lang sumbrero. Nagangat ito ng paningin mula sa hawak na clipboard at namataan sila.

“Hi, Dru, Kendall,” bati nito. “Tapos na kayong kumain?”

Tumango sila.

“Ate Suze, nakumbinsi ko na si Dru na magpunta dito pag weekdays,” anunsyo ni Kendall.

“Kaya mo pala ako pinakain ng pasta ha! Kailangan mo ng alipin dito!”

“Hindi, ’no!” tawa nito. Muli nitong hinarap si Ate Susan. “Ako na lang mag-o-orient sa kanya mamaya para ako na lang din ang i-a-assist niya.”

Minataan silang dalawa ni Ate Susan. “Okay,” nakangiting anito. “Awa ng Diyos, nakahanap ka na ng gusto mong assistant. Actually, bagay nga kayo, eh.”

Nagkatinginan sila bago sabay na tumawa. “Malapit nang maging kami,” muling biro ng binata bago siya inakbayan. Kinurot niya ito sa tagiliran.

“Alagaan mo ’yang si Doc Kendall,” kindat ng babae. “Broken-hearted ’yan, eh. Kung gusto n’yo nang magsimula, ipasyal mo na lang si Drusilla, Doc.”

Biglang bumalikwas ang binata at namimilog ang mga matang pinagmasdan siya. “Drusilla ang buo mong pangalan?”

Pinandilatan niya ito at hinabol ng kurot nang tumawa ito nang tumawa.

Nagsimula sila ng tour sa *Reptile House*. Pinakaayaw kasi ni Dru ang mga ahas kung kaya

minabuti na nitong mauna iyon at nang mabilis matapos. Nakangisi niyang inaya ang dalaga na pumasok sa holding pen ng isang albino Burmese python, pero matinding iling ang ginawa nito.

“Lika na, Drusilla,” sabi ni Kendall. Hindi sa gusto lang niya itong asarin, pero natuwa siya nang malaman ang buo nitong pangalan. It was unique like she was. “Safe naman. Mabait si Homer. ’Di mo ba napanood si Britney Spears? Ganyan din ’yong ahas na hawak niya n’ong nag-perform siya nang naka-bikini lang.”

Pinandilatan lang siya nito. “Hindi ako si Britney Spears.”

“Lika na. Once in your life, man lang masabi mo na nakahawak ka ng python.”

Muling tiningnan ni Dru si Homer. Iyon ang pangalan nito dahil kakulay nito si Homer Simpson. Saka noong bagong dating ito, ninakaw nito ang donut na kinakain ni Kendall. Kagulat-gulat dahil carnivorous ang mga python at sa pagkakaalam niya ay hindi kumakain niyon.

“Nanlilingkis ’yan, di ba?” tanong muli ni Dru, pero naroon na ang pagkamangha nito imbis na takot at pandidiri.

Malakas ang mga python at nakakapatay ng tao kung sakaling maisipan nitong manlingkis, pero hindi na kailangang sabihin iyon ni Kendall sa isang babaeng takot na nga sa ahas in the first place.

“Hindi,” sagot niya. Kinuha niya ang kamay nito bago ito hinila palapit sa pen. “Mabait si Homer; kasama nga siya sa show. ’Lika na. Sabihin lang natin kay Mang Jobert. Siya ’yong handler ni Homer. Kapag nilingkis ka niya, si Mang Jobert na bahalang magligtas sa ’yo.” Napaatras si Dru at tumawa siya. “Joke lang.”

Nang muling sumunod ang babae, lumapit sila sa matandang lalaking nakikipag-usap sa ilang mga bisita ng zoo. Napansin siya nito.

“O, Doc!” kindat ni Mang Jobert. “May gusto ka na namang i-impress?” Nakangiti ito kay Dru na napatingin sa kanya.

“Ilan na ba ang na-impress mo sa pagpapahawak mo sa ahas mo?” patay-mali nitong tanong.

Napangisi siya dahil iba ang naisip niya. Naisip din yata iyon ni Dru dahil nag-blush ito at tumawa. “Kadiri ka!”

“Takot si Drusilla sa ahas, Mang Jobs,” sabi niya sa matanda. “Ipahawak lang natin si Homer.”

“Naku, mabait ho itong si Homer,” sabi ng matanda bago nauna sa kanila papasok ng snake pen. “Wala pa naman ho itong napapatay.”

“Suskupo,” narinig niyang bulong ni Dru. Hinila niya ito papasok sa pen. Adobe ang tatlong dingding ng kulungan ni Homer habang makapal na plexiglass naman ang sa harap. Sa likod niyon, nakatayo ang mga tao na pinapanood ang python na nakatambay lang sa ilalim ng isang makapal na troso.

Humigpit ang pagkakahawak ni Dru sa kanyang kamay at pinisil niya ang palad nito. “It’s okay. Hindi nangangain ng tao si Homer. Manok lang... saka donut.”

Hindi inalis ni Dru ang mga mata sa ahas na inangat na ni Mang Jobert. “Donut?”

“Mahabang kuwento. Kasing-haba ni Homer. ‘Lika na.” Muli niya itong hinila palapit. Binitawan niya ang kamay nito para haplusin ang ulo ng alaga. Naglabas ng dila ang ahas at bahagyang gumalaw. Namilog ang mga mata ni Dru habang pinagmamasdan ang pagkurba ng katawan ng python.

“Sige, ako na muna,” sabi niya. Tumungo siya at inilagay ni Mang Jobert ang ahas sa kanyang balikat. Sumabit doon ang ahas na para bang dilaw at puting

scarf. “See?” sabi niya sa dalaga. “Hindi pa niya ako pinapatay.”

Napangiti siya nang lumapit si Dru at marahang hinawakan ang balat ni Homer. Binawi nito ang kamay nang gumalaw ang ahas. Tumawa siya. “It’s okay, Honey.”

Ibinalik nito ang kamay sa katawan ng ahas. “Para siyang bag.”

Natawa si Kendall. “Okay ka na? Lagay natin sa leeg mo?”

Pinagmasdan niya ang dalaga. Kung takot lang ito, hindi na niya ipipilit. Pero nakita niya ang pagkamangha at kuryosidad sa mga mata nito. Inangat niya ang parte ng ahas na mas malapit sa buntot. Habang hawak si Homer sa bandang leeg, ipinatong ni Kendall ang buntot ng ahas sa balikat ni Dru. Nadama niyang nag-tense ito nang gumalaw si Homer. Parang may gustong ipahiwatig ang python nang kumurba ang katawan nito sa kanilang leeg at napilitan silang lumapit sa isa’t isa.

Naninigas si Dru at namimilog ang mga mata.

Ngumiti siya. “Relax, Hon,” sabi niya.

Huminga nang malalim ang dalaga. “Makaka-

relax ka ba kung may ahas na nagtatangkang manakal sa 'yo? Honey?" dagdag nito.

Ngumiti siya. "Love ako ni Homer. Di niya ako sasakalin."

Pero muling gumalaw ang ahas. Parang hinigpitan nito ang pagkakupulupot sa balikat ni Dru kung kaya napalapit sa kanya ang dalaga. Napangisi siya nang mapilitan itong ipatong ang mga kamay sa kanyang dibdib.

"Ilang babae na ang ginamitan mo ng technique na 'to?" natatawang tanong ng dalaga.

"Actually, wala pa," sabi niya. "Pero kung alam ko lang na puwede pala ito, pinakilala ko na kay Homer si Solenn Heusaff n'ong dumalaw siya dito."

Humagikgik si Dru. "Well, effective siya. Pero pakisabi kay Homer na bitawan na niya ako kasi natatakot na ako."

Inalis ni Kendall ang ahas mula sa leeg ng babae at tinulungan siya ni Mang Jobert para muling ibaba si Homer sa sahog ng snake pen. Bumalik lamang ito sa ilalim ng lilim ng troso. Nakangisi sa kanila ang matandang tagapag-alaga at kumindat siya rito bago tumawa.

Sa labas ng snake pen, nakalabas ang mga cellphone at cameras ng mga naroon. Doon lang naisip ni Kendall na hindi lamang sila ni Dru ang nasa zoo.

Bigla siyang nainis. Mula kasi nang lumabas ang special feature na iyon tungkol sa Sanctuary, pakiramdam niya ay kasama na siya sa mga pinapanood ng mga turista. Oo, kasama sa trabaho niya ang magbigay ng guided tours at makihalubilo sa mga bisita. Pero hindi siya celebrity. Ang celebrity ay ang mga tigre, si Emil, si Homer, si Gabbie. Dapat nagboboluntaryo ang mga tao para tumulong sa improvement ng zoo, para sa pag-aalaga sa mga hayop na naroon. Pero hindi! Gusto nila ng magpa-autograph kay Doctor Kendall Tuazon, celebrity veterinarian.

Oo nga't hindi naman siguro siya ang vini-video ng mga bisita, pero ipupusta niya ang isang buwang suweldo na mamaya, may lalabas sa *YouTube* na video na may pangalan niya.

“Wow,” anang babaeng katabi. “That was... unbelievable.”

Hindi siya sumagot. Nagpatuloy lamang siya sa paglakad. Tumigil siya nang maramdaman ang kamay ni Dru sa kanyang braso.

“Kendall, are you okay?” tanong nito.

Napuna niya ang mga babae sa likuran ng volunteer. Nakatingin ang mga ito sa kanya at nagbubulungan. Mabuti napigilan niya ang sarili bago umikot ang kanyang mga mata. Ngumiti siya sa mga ito bago kinuha ang kamay ni Dru at hinila ang dalaga pabalik ng admin building, papasok sa isang opisinang may nakalagay na ‘Clinic’ sa ibabaw ng pinto.

“Hi, Kendall,” bati ng isang babaeng nakasuot ng puting lab coat. Ngumiti ito sa kanya bago kay Dru.

“Hi, Mitch. Si Drusilla pala. Drusilla, si Michelle. Siya ’yong isa pang vet dito.”

“Drusilla?” nangiting tanong ng babae.

Natawa ang babae. “Naging hobby na ni Kendall na ipagkalat ang real name ko, eh. ‘Dru’ na lang.” Inabot nito ang kamay sa beterinarya.

“Hi,” bati nito. “I’m Mitch.”

“Nice to meet you.”

Muli nitong binalingan si Kendall. “Tumawag si Ate Madz. May sakit daw yata si Amor. Naka-line up ng check up sina Maharlika at Mandala ngayon. I can take the cats, pero kung gusto mo, ikaw na lang...”

“Sige, ako na ang bahala kay Amor,” sabi niya. “Ngayon na ba o okay lang kung mayamaya pa?”

“Okay na mayamaya.” Tumayo si Mitch at kinuha ang ilang folders mula sa ibabaw ng mesa. “Ako na muna ang aalis para i-check ang mga babies. Nice meeting you, Dru.”

“Nice meeting you,” sagot din ng dalaga bago tuluyang lumabas si Mitch ng kanilang klinika.